

Mga Madalas Itanong (FAQs)
Sangay ng Pananaliksik, Pag-audit, at Pagsusuri
Pampublikong Komprehensibong Dashboard

Ang mga sumusunod na FAQ ay ibinigay upang suportahan ang paggamit ng Pampublikong Komprehensibong Dashboard na ito, na nagbibigay ng impormasyon sa caseload at paggasta. Pinoprotektahan ng Dashboard na ito ang kumpidensyal na impormasyon, alinsunod sa [Mga Alituntunin sa De-Identification ng California Health and Human Services](#).

1. Paano naiiba ang Dashboard na ito sa Annual Purchase of Service (POS) na Ulat?

Ang ilang pangunahing pagkakaiba ay kinabibilangan ng:

- Tagal ng panahon: Ang Dashboard na ito ay nakaayos ayon sa buwan at kasama ang lahat ng mga taon ng pananalapi (FYs) mula noong FY 2011/12. Ang mga Taunang Ulat sa POS ay nagbubuo ng isang FY sa isang pagkakataon.
- Bilang ng caseload:
 - Gumagamit ang Mga Taunang Ulat ng POS ng point in time na paraan, na nagbibilang ng mga indibidwal na may aktibong katayuan noong Enero ng FY o hindi bababa sa isang POS record sa FY.
 - Ipinapakita ng Dashboard na ito ang mga indibidwal na aktibo sa anumang punto sa FY o nagkaroon ng POS na paggasta noong FY.
- Ang ilang impormasyon sa Mga Taunang POS na Ulat ay hindi available sa Dashboard na ito. Kapansin-pansin, ang data na naglalarawan sa paggamit ng serbisyo at mga awtorisasyon sa POS ay makikita lamang sa Mga Taunang Ulat sa POS.

2. Paano ko gagamitin ang Dashboard na ito?

- Maaaring pumili ang mga gumagamit ng hanggang dalawang filter sa kanang bahagi ng Dashboard na ito. Kasama sa mga opsyon ang paglahok sa programa, sentrong pangrehiyon, pangkat ng edad, lahi/etnisidad, pangunahing wika, diagnosis, at uri ng tirahan. Ang

dalawang-filter na limitasyon ay kinakailangan upang maprotektahan ang pagkapribado ng indibidwal na impormasyon.

- Maaaring pumili ang mga user ng mga partikular na yugto ng panahon sa pamamagitan ng pag-click sa buwan o FY sa talahanayan sa kaliwang bahagi ng Dashboard na ito.
- Nalalapat ang lahat ng napiling filter sa buong Dashboard, kabilang ang tatlong graph sa gitna ng display.

3. **Paano binuo ang Dashboard na ito?**

Ang mga pamamaraan na ginamit upang gawin ang Dashboard na ito ay makikita sa dokumentong Pangkalahatang-ideya ng Pamamaraan sa [website ng Dashboard na ito](#).

4. **Mayroon bang anumang datos na hindi kasama?**

- Ang mga talaan ng paggasta sa kontrata, na hindi nauugnay sa mga partikular na indibidwal, ay hindi kasama.
- Ang sinumang indibidwal na may paggasta sa POS, na nawawala sa Client Master File para sa buwan, ay hindi kasama.

5. **Sino ang maaari kong kontakin para sa mga komento at/o karagdagang mga katanungan?**

Mangyaring mag-email sa amin kung mayroon kang anumang mga mungkahi o makakita ng anumang mga problema o mga kamalian: Analytics@dds.ca.gov

6. **Maaari ko bang i-save ang aking kasalukuyang view – o maramihang view – ng Dashboard na ito para sa mga pagbisita sa site sa hinaharap?**

Ang view at mga setting ng Dashboard na ito ay naka-save sa browser ng bawat bisita. Maliban kung na-clear ang kasaysayan ng pagba-browse at cookies sa pagsubaybay sa pagitan ng mga pagbisita, ipapakita ng Dashboard na ito ang parehong mga filter na inilapat sa huling pagbisita sa website ng Dashboard na ito.

7. **Gaano kadalas nare-refresh ang Dashboard na ito? Kapag na-refresh, nakakatanggap ba ng notipikasyon ang mga gumagamit?**

Nire-refresh ang Dashboard na ito buwan-buwan. Hindi makakatanggap

ng notipikasyon ang mga gumagamit kapag na-update ang Dashboard na ito. Pakitingnan ang susunod na tanong tungkol sa mga opsyon sa subscription (suskripsyon).

8. Maaari ba akong mag-subscribe sa Dashboard na ito? Kung oo, paano?

Ang isang subscription ay isang paraan upang awtomatikong maipadala sa iyo ang ulat ng Power BI sa napiling iskedyul. Hindi sinusuportahan ng Dashboard na ito ang mga e-mail na abiso kapag na-update ang datos. Gayunpaman, maaaring mag-set up ang Power BI Pro User, DDS Staff, at mga awtorisadong empleyado ng sentrong rehiyon ng Power BI dashboard na subscription. Halimbawa, para makatanggap ng buod ng caseload at mga paggasta sa ika-15 ng bawat buwan, maaari kang mag-subscribe at mag-iskedyul ng notification sa e-mail. Titiyakin nito na maihahatid sa iyo ang pinakabagong data at biswalisasyon sa ika-15 ng bawat buwan. Ang mga kinakailangan at tagubilin para sa pag-set up ng isang subscription sa ulat ay ibinigay [ng Microsoft](#):

9. Maaari ko bang i-download ang dataset na ito sa likod ng Dashboard na ito?

Hindi. Upang matiyak na mananatiling ligtas ang impormasyon tungkol sa mga indibidwal, hindi pinapayagan ang mga gumagamit na tingnan o i-download ang pinagbabatayan na dataset para sa Dashboard na ito.